**Awit ng Kasaysayan**
(Titik at musika E. Acosta, 1996)

Em--

*I*
Em
Ating balikan ang kasaysayan
Damhin ang lupang niyanig
Masdan ang lupang dinilig
Ang lupang pinag-alayan
D
ng dugo
Em
O kay pula ng dakilang pag-ibig (2x)

*II*
Sariwain/Pag-aralan ang kasaysayan
Iwasto ang pagkakamali
Buhayin ang mga mithi
Pangibabawan ang kahinaan
Sa dugo
tutubusin ang bayan kong sawi (2x)

*Koro*
D Em
Kaya mga kasama
G D
sumulong tayong muli
(muli tayong susulong)
D Em
Hudyat nati'y katuwiran
katarungang di magagapi
D Em
Kaya mga kasama
G D
muli tayong lumaban
(muli tayong lalaban)
D Em
Lakas nati'y dadaluyong
sa paglikha ng kasaysayan

*(Ulitin II, Koro)*

Em
Dadaluyong sa paglikha ng kasaysayan…

**NIC-hood**
(Halaw sa tula ni R. Gappi, dagdag na titik at musika, R. Reyes, 1996)

E-G-D—

Nakadagan ang mga pudpod na gulong
sa kinakalawang na bubong
Pinatatag naman ng sinulsing tabla
ang mga nakatindig na haligi at dingding
Dito nagpapahinga ang mga alipin ng mundo
mga kamay nagsusumamo sa kalansing ng konting limos

*Chorus 1*
G D C D
Ito ba ang katuparan
G D
(ang katuparan) ng mga pangako
C D
ng daang taon
G D
Kayraming salimuot
C
Kayraming mga tanong

*(ulitin intro)*

Pumupunit ng ilong ang hanging
mula sa pabrika
Habang binabalabal ng barong-barong
Ang itim na kumot ng usok karbon
Sinasakal ng langis
at di natutunaw na plastik
ang hiningang dumadaloy sa tubig
Nakabantayog naman ang kalansay ng tinatayong gusali
na wari'y nag-aanyaya't nakangiti
*"On this site will rise the most luxurious condominium. Please ask for your reservation."*

*(ulitin Chorus 1, last 2 lines Chorus 1)*

Pinapula ang lansangan
ng libu-libong nag-aalsa

Magbubukid sa nayon,
manggagawa sa pabrika
Kabataan, propesyunal,
kababaihan, maralita
Misyong iniukit sa kasaysayan
ngayo'y itutuloy

*Chorus 2*
G D C D
Narito ang katuparan
G D
ang katuparan ng mga pangako

C D
ng daang taon
G D
Wala nang alinlangan
C D
ngayon na ang panahon
G D C D
Nang makamtan ang tunay na kalayaan
G
Kailangan nating ituloy
D C D
ang di natapos na digmaan
G D C D
Nang makamtan ang tunay na kalayaan
G
Ang kalayaan

**Komersyalisasyon**
(Orihinal na titik at musika, Lenlen ______ at Babes Alejo, 1996)

A-C-(3x)D—

*I*
A D A D A
Hindi ko akalaing totoo pala ang isyu ng
D A D
komersyalisasyon
A D A D
Plano pa lamang daw ngunit ginagawan na ng
A D A D
aksyon
A C A C
Hayan at nagtaasan bayarin sa laboratoryo
A C A C D
Pati mga serbisyo doon sa dormitoryo

*II*
Maliit ang budget ng gobyerno para sa edukasyon
Pambayad utang muna raw at militarisasyon
Kaya't tayo na naman ang pahihirapan nito
Bakit ang gobyerno'y umaayon sa programang ganito

*Chorus*
A C
Hindi inilalako ang edukasyon
A C A
Kaya't tutulan ang komersyalisasyon
C A C A C
Oh tutulan ang komersyalisasyon
D
Oh

*III*
Isko ng Bayan bakit sobrang dami nang binabayaran
(mga hindi naman kailangan)
Pangakong libreng pasilidad ngayon ay nasaan
Magkamal ng kita ang interes ng administrasyon
Kaya't parang gulay na inilalako itong edukasyon

*(ulitin chorus)*

*IV*
Ito'y hindi hiwalay na isyu ng pamantasan
Bunga lamang ito ng matinding krisis ng lipunan

A (break) A (break)
Di naman tayo mananahimik sa ganitong kaayusan
A (break) A C
D
Pinatunayan ng kasaysayan, lumalaban ang sambayanan

*(ulitin 1st 2 lines chorus (4x))*

## State U

(Hiram na kanta sa Yano, dagdag na titik, E. Acosta, B. Alejo, 1997)

A—D,A—G,(2x)

```
A                              D,A
  Parami na nang parami
                                D
problema ng estudyante sa
 A        G         A       D
State University, State University (2x)
(intro)
Woh-ow!
```

Antik na laboratory,
bulok na facility sa
State University, State University (2x)
Who-ow!

Kasamang nalulugi
ang mga government employees sa
State University, State University (2x)
Who-ow!

Maliit na subsidy
exhorbitant and imposed fees sa
State University, State University (2x)
Who-ow!

```
A                              D,A
  Administration policy:
                         D,A
Itaas ang tuition fee
                                D,    A
pati na rin ang lab fee at dorm fee
          A
Kaya sumama sa rali!

A              G       A
Isyu ng demolition,
               G        A
Private corporation,
                G        A
Barat na allocation
        G
sa education,
      A
Commercialization,
Colonialization,
Privatization,
Deregulation,
Liberalization,
Globalization,
Campus repression…
Kawawang Oblation!
A              G
  Sa State University! (2x)

 A        G          A         D
State University, State University (2x)
   A
Lalaban!
```

## Fee, Fee, Fee

(Pinsel Sining, UE)

Am—F-E-

```
I
    Am
F
O ako'y tuwang-tuwang mag-enroll sa
Maynila
                              E
Sa kahit anong pamantasan
         Am
Subalit ako ay nabigla sa mga bayarin
 F                                     E
Tuition fee, miscellaneous fee, may
surcharge fee
                             Am
Ang dami-daming fee
                            F                         E
Fee, fee, fee, fee, fee, fee, fee, fee, fee, fee
```

II
Nang ako'y pumasok sa eskwela aking
napansin
Mga basag na salamin
Basag na bumbilya, bulok na pisara,
Mga silyang tatlo ang paa

Ang taas ng tuition fee pero bulok naman
Ang facility
Ty, ty, ty, ty, ty, ty, ty, ty, ty, ty

III
Ang laki ng bayad sa eskwela
Di kaya ng bulsa ng erpats ko
Sa kahit anong pamantasan
Kayraming bawal sa eskwela, bawal magprotesta
Samu't-saring policy ang estudyante
Pag nagreklamo'y suspindi
Di, di, di, di, di, di, di, di, di, di

(ulitin I)

**Get up, Stand Up**
(Hiram na kanta kay Bob Marley, 2000?)

Bm—A-Bm-(paulit-ulit)

Get up, stand up
Stand up for your rights
Get up, stand up
Don't give up the fight

We're sick and tired of this tuition fee increase
No more budget cut to our education, please
We know and we understand
Education is a right of man
They can fool some people sometimes
But they can't fool all the people all the time
And now you see the light
Stand up for your right

**We Will Not Bow Down**
(Hiram na kanta sa Big Fish, isang US group pero need to check the name ng group, 1997)

A—C-A-

A C A
We will not bow down to a-ha repression
A C A
We will not bow down to a-ha injustice
A C A
We will not bow down to a-ha exploitation
C A
We're gonna stand up (2x)

I just can't tolerate a-ha repression
I just can't tolerate a-ha injustice
I just can't tolerate a-ha exploitation
We're gonna stand up (2x)

A
Stand up for your rights now baby
C
Stand up for your rights

A C A
No to commercialized education
C A
No to privatization

A
I say education is our right
C
Education is our right

A
So what are we going to do
C
We're gonna stand up

**<u>Bigwas ng Tagumpay</u>**
(Titik at musika, R. Reyes, 1995)

Am-G-(3x)E—E7—

Am G Am
Salagin ang bagong hagupit

F C G
sa buhay, sahod at trabaho
Am G Am
Manggagawa, kumilos ngayon din
F C F
Labanan ang dayuhang kapital,
C F
At estadong kolonyal
C E
At kapitalistang ganid!

Sa nayon, muling kinamkam
Lupang ating binungkal
Magsasaka, ngayo'y magbuklod
Labanan ang ganid
Na panginoong maylupa
Wakasan ang pang-aapi!

*Chorus 1*

F C G
Kalayaan sa bayang api
F C G Am
Sa tabak at gatilyo tumangan
F C G
Kalayaan ang ating sigaw
F C G (intro)
Sa bigwas ng tagumpay ang paglaya!

Naglalagablab ang bukid
Patungo sa bawat lungsod
Panahon nang magbalikwas
Imperyalismo'y labanan,
Kahirapa'y wakasan
Baguhin ang ating lipunan!

*Chorus 2*
F G Am (note, walang C dito)
Kalayaan sa bayang api
F C G Am
Sa tabak at gatilyo'y tumangan
F C G
Kalayaan ang ating sigaw
F C
Sa bigwas ng tagumpay
Sa bigwas ng tagumpay

F C
Sa bigwas ng tagumpay

G Am, G-Am, G-Am
Ang paglaya!

**<u>Kay Hirap ng Buhay</u>**
(Titik at musika, R. Reyes, 1995)

C-E7-Am-F,G,

Kay hirap ng buhay,
Walang asenso
Kaming mahihirap
Ay lagi na lang talo
Giniba ang tahanan,
Tinanggal sa trabaho
Ganyan ang aming buhay, salamat
Salamat sa gobyerno

Araw-araw sa lansangan,
Nagbubungkal ng buhay sa basurahan
Araw-araw sa pagawaan, kaharap
Kapitalistang gahaman,
Siya'y gahaman

Kay hirap ng buhay,
Parang nakakaloko
Kaya't sabi nila
Tumaya na lang sa lotto
Hoo…

Balang araw, ang uri ko ay babangon
Kami ang huhukay at gagawa
Ng inyong kabaong
Kayong nagpapasasa sa aming
Pawis at pinaghirapan
Ay makakatikim din ng galit
At ganti ng taong bayan

Kailangang mamulat,
Kailangan magbigkis
Huwag kang papayag
Na ika'y laging magtitiis
Ganyan ang buhay,
Kailangang lumaban
Darating din ang araw
Ng ating kalayaan

**Kay Hirap ng Buhay**
**(rap version para sa Mula sa3rd Avenue hanggang sa dulo, 2004)**

Refrain:
Kay hirap ng buhay
Walang asenso
Kaming mahihirap ay lagi na lang talo
Giniba ang tahanan
Tinanggal sa trabaho
Ganiyan ang aming buhay
Salamat, salamat sa gobyerno

Rap:
Sa araw-araw na lang ang ginawa ng gobyerno
Ay laging magpahirap at laging mang-abuso
Wala nang tirahan, wala pang makain
Kahit ang lupa ay inagaw pa sa atin

Refrain

Rap:
Dahil sa sobrang taas matrikula sa pamantasan
Maraming estudyante ang hindi na nakakapag-aral
Maraming kabataan ang humihinto na lamang
----trabaho

Refrain

Rap:
Kung iyong iisipin at iyong titignan
Iilan lang nagpapasasa sa kaban ng bayan
Huwag mong naising ika'y laging magtitiis
Ibangon ang iyong uri sa pagkaka-alipin

Solo:
Balang araw ang uri ko ay babangon
Kami ang huhukay at gagawa ng kanilang kabaong
Silang nagpapasasa sa aming pawis at pinaghirapan
Ay makakatikim din ng galit at ganti ng taumbayan

Kailangang mamulat, kailangang magbigkis
Huwag kang papayag na ika'y laging magtitiis
Ganiyan ang ating buhay, kailangang lumaban
Darating din ang araw ng tagumpay ng ating dakilang himagsikan

**Hanggang Huling Patak**
(Titik at musika, E. Acosta, 1995)

C-C9-(3x)Bb—

C C9 C C9
Pagkat ang ‘yong kabayanihan
C C9 Bb
inianak ng kahirapan
C C9 C C9
inaruga ng kaapihan,
C C9 Bb
bininyagan ng digmaang bayan

*Chorus*
C
Kamao mo’y bala
Bb
na tatagos sa puso
C C9
ng mapagsamantala
C
Ang puso mo’y bagang
Bb
maghahatid ng takot
C C9
sa mapang-aping mata
C
Ang mata mo’y ilaw
Bb
sa dugong ibubuwis
C C9
hanggang huling patak
Bb C-C9
Bayani ka, bayani ka(2x)

Pagka’t ang ‘yong katapangan
ay buhay at kamatayan
Buhay sa kalayaan,
Kamatayan sa gahaman

*(ulitin Chorus)*

Bb C-C9
Bayani ka, bayani ka
Hanggang huling patak

Bb
Bayaning manggagawa,
C C9
Bayaning magsasaka
Bb
Bayani ka, bayani ka

**Paalam**
(Titik at musika, E. Acosta, 1998)

A—D—(2x)

A D
Ang paalam ko’y iyong tanggapin
A D
Paglisan ko’y iyong salubungin
C G
May pag-asang mga puso’y muling mag-aawitan
C
Pagdating ng panahong
G
ika’y handa nang mag-alay
C
Doon, doon sa parang
G
Doon sa kabundukan
C G
Doo’y higit na namamalas ang lakas
Am
Ng ating hanay
G Am
Doo’y pinapanday nang masikhay
G Am
Walang humpay

*Chorus 1*
G Am
Ano pa bang makahihigit
G Am G
Sa kadakilaan ng pag-ibig natin sa bayan
Am
Bayang ang tanging nais
G Am G
ang kalayaan ay makamit

*(ulitin intro)*

Sa pagtulak sa aking paglalakbay
iabot mo ang iyong mga kamay
Mga kamay na balang araw

ay muli kong tatanganan
sa gitna ng pagsagupa
sa bigwas ng kaaway
Kamay na kayang panghawakan
ang talim ng paninindigan
hanggang sa  sandaling kailangang
muli tayong magkahiwalay
Hangga't digma'y may saysay
Hangga't dugo'y may kulay
Hanggang tagumpay

*(Ulitin Chorus 1)*

*Chorus 2*
Ano pa bang makahihigit
Sa kadalisayan ng pag-ibig natin sa bayan
Bayang ang tanging nais
Ang kaapihan ay mapatid

G Am
Wala na nga wala

**Magsasama, Magkasama**
(Titik at musika, E. Acosta, 2000)

Am-G-F-G-(2x)

Am G F G
Bawat damdaming lipos ay bigkisin
Am G F G
Lahat ito sa unos ay bigkasin
Dm G Am G
Tatanggaling lubos ang alinlangan
Dm G Am G
Tatanghaling unos ang kailangan
Am G Am G
Sasama ako, kasama ako

*Chorus*
C G F
G
Magsasama, magkasama sa malaon at
madali
C G F G
Yayakapin ang aral ng pakikitunggali
C G F G
Yayakagin ang lahat na huwag mag-atubili
C G F G
(break)
Magsasama, magkasama sana hanggang huli

Animo'y bundok itong ibubuwal
Anino't tanglaw sabay nating iluluwal
Tatawirin hagdan ng bahaghari
Tutuwirin hanggang wala nang uri
Sasama ako, kasama ako

*(Ulitin Chorus)*

Suyuin ang musa ng kasaysayan
Suungin ang dusa na kasabayan
Maghahayag tula't mga talata
Maglalayag pulang mga panata
Sasama ako, kasama ako

*(Ulitin Chorus 2x)*

F G
Sana hanggang huli

**Haranang Bayan**
(Titik at musika, E. Acosta, 1999)

Am-Em-Am—

Am Em Am
Sadyang di pa huli ang lahat
Am Em Am
Bukas tatanganan ang gitara
Am Em Am G
Mag-aaral tumugtog nang tapat
Am Em Am
Darating din ang araw ng harana
F (may option na FM9)
Haharanahin ko
Am
ang bawat dampang lumulutang sa kawalan

F
Himig na naririto
Am
Habagat sa tapang, amihan sa kamalayan

*Chorus*
F Am F Am
Hahagilapin ang galit saloobin
F Am F Am
Hahalukayin sa lalim ng damdamin
F Am F Am F
Haharanahin duyan ng magiting
*(intro)*
Bayan kong inalipin

Sadyang di pa huli ang lahat
Bukas pipiliin ang kanta
Sasanayin ang tinig na salat
Darating na ang araw ng harana

Haharanahin ko
ang puso't isipan ni Maria at ni Juan
Tadhanang nakalilito
Isasalarawan sa tinig ng kamulatan

*(Ulitin Chorus)*

Sadyang di pa tapos ang laban
Kailangang tanganan ang sandata
Pagkat awit ay di sasapat
Upang ganap na tupdin ang panata

Hahabulin ko sa dulo ng ilog
Ang kaaway ng sambayanan
At kasama mo itatakda ang pagsilang
ng bagong kaayusan

*(Ulitin Chorus)*
F Am
Haranang bayan(4x)
F Am
Panata sa kalayaan

## Manindigan

(Titik at musika, E. Acosta, B. Alejo, 1995)

E—G,D,E-

E G
Batid kong sa kaloob-looban mo'y
D E
may paghihimagsik
G D
Ika'y di naman bulag sa mga salot
E
na inihahasik
G D E
ng mga imperyalistang dayuhan
G D E
at kanilang mga tuta sa ating pamahalaan
E G
Ngunit ikaw kung minsan ay
nagbubulagbulagan
G,D,E—
Oh-oh

Batid kong sa lalim ng isipan mo'y
may pagtutungalian
Ika'y di naman bingi sa mga hinaing
ng sambayanan
laban sa gahamang kapitalista
at sa mga despotikong panginoong maylupa
Ngunit ikaw kung minsan ay
nagbibingibingihan
Oh-oh

*Bridge*
Bm G
Ang paghihimagsik ay di ngitngit na
kinikimkim
Bm G
May tunggalian sa uri na di simpleng

palaisipan
Bm G
Sa mata ng kahirapa'y tumitig ng taimtim
Bm
Masang api'y dinggin
G A G
Kasama nila ika'y manindigan
A G,D,E-
Oh manindigan

Batid kong sa kaloob-looban mo'y
may paghihimagsik
Ika'y di naman bulag sa mga salot
na inihahasik
G D E G D E
ng mga imperyalista, ng mga tuta nila
G D E G
D E
ng mga kapitalista't panginoong maylupa

G,D,E-
Oh-oh
E (break)
Ngunit ikaw kung minsan ay
G D E G D E
nagbubulag-bulagan
E
Ngunit ikaw kung minsan ay

G D E G D E
nagbibingi-bingihan
G D E G D E
Nagbubulag-bulagan, nagbibingi-bingihan(2x)
G D E7
Ika'y manindigan

## VFA Blues

(Titik at musika, B. Alejo at S. Candao, dagdag na titik halaw sa NIC-hood, 1999)

E7#9—A7— (paulit-ulit)
E7#9—A7— (paulit-ulit)
Disisais, Setyembre 1991 (mil-nwebe-syentos, nubenta'y uno) – binasura ng Senado
Ang US Military Bases Agreement
Nagwaging muli ang mamamayang nag-aalsa
Laban sa pakikialam ni Uncle Sam
Apatnapung taong namalagi
Pahirap sa taong bayan
Prostitusyon, pedophilia, pang-aabuso
pagkasira ng kapaligiran
(No nukleyar!)

*Chorus 1*
B7 A7 B7 A7
Ito ba ang katuparan ng daang taon

B7 A7
E7#9—A7
Kayraming salimuot, kayraming mga tanong

E7#9—A7— (paulit-ulit)
Lumang tugtugin, bagong pangalan
Ngunit pareho lang ang nilalaman
Noon ay ACSA at naging SOFA
At ngayon ay VFA na sya
(Say no, no way to VFA)

*(Ulitin Chorus 1)*

E7#9—A7— (paulit-ulit)
Duty free, toll free, tax free and No ID
Pero entry lang nang entry (Pasok, pasok!)
Pumatay man sila ng kapwa ko Pilipino
Walang kaso, walang kaso
Basta't Amerikanong sundalo
Loko-lokong si GI Joe

E7#9—A7— (paulit-ulit)
Modernization daw ng AFP
Makakakuha raw ng high technology
At porma raw ng diplomatic courtesy
Pero sa mismong agreement
Walang sinasabi
(Don't you agree, coz I don't agree)

*(Ulitin Chorus 1)*

E7#9—A7— (paulit-ulit)
Pinapula ang lansangan
ng libu-libong nag-aalsa
Magbubukid sa nayon,
manggagawa sa pabrika
Kabataan, propesyunal,
kababaihan, maralita
Misyong iniukit sa kasaysayan
ngayo'y itutuloy

*Chorus 2*
B7 A7 B7 A7
Narito ang katuparan ng daang taon
B7 A7
E7#9—A7—
Wala nang alinlangan ngayon na ang panahon

E7#9—A7— (paulit-ulit)
Para sabihing "No no no way (2x) to VFA"
Nang makamtan ang tunay na kasarinlan
Nang makamtan ang tunay na kalayaan
Ang kalayaan

**DAHIL**
(Titik at musika, E. Acosta, 2000)

Am-G-F-G-Am-G-F—G—F—G-G7-

Am G F
Dahil itong pagluha
G Am
hatid man ay baha
G F
At maging pagsigaw
G F
dinggin man ng araw
G F G-G7-
Ang bisa’y sadyang kulang

Dahil kapos ang tula
Hitik man sa tugma
Lagyan pa ng himig
Hindi pa rin marinig
Ang awit ng pag-ibig

*Chorus*
C G F G
Kaya nga’t buhay mismo ang alay
C G F G
Di lang luha sigaw tula at awit /
Himala at pangako’y wala ang langit/
Sa harap ng dahas buhay makakamit
C G F G
Kaya nga’t alay mismo ang buhay
C G F G G7
Ngayo’y di na kaila sa akin kung bakit

Dahil walang himala
tayong mapapala
Bulag ang pag-asa
na ang ating dusa’y
Maglalaho nang kusa

Dahil tayo’y pinako
sa bigong pangako
ng dayo at hari’t
kasabwatang uring
nagsadlak sa ‘ting puri

*(Ulitin Chorus)*

Dahil may nagaganap
isang paghaharap
Silang nang-aapi
Tayong inaapi
na di na pagagapi

Dahil kinakailangan
dahas sa paglaban
hanggang sa makamtan
ating kalayaan

*(Ulitin Chorus)*
*(Ulitin Chorus(buo))*

**Pasensya**
(Titik at musika, E. Acosta, B. Alejo)
E-E7#9-E-E7#9-

E7
Mahal meron akong dala-dalang balita
Isang medyo mabuti, isang tiyak na masama
Ang mabuting balita, natanggap ko na ang aking sweldo
F#7 B7
Ang balitang masama, huling sweldo ko na ‘to
A7
Walang pasabi-sabi ako ay sinesante
E7
Higit sa panlilibak, ako ay sinibak
A7
Pasensya na lang, pasensya na lang
B7 A7 E-E7#9-E7-E7#9
Talagang ganyan, ganyan talaga ang buhay

Mahal wag mabigla sa aking sasabihin
Kelangan na yatang mag-alsa-balutan ngayon din
Umagang-umaga, si Captain bukas darating
Sa buldoser sasakay, handa tayong gibain
Walang kaawa-awa, di na yata magsasawa
Saan ba pupusisyon dito sa demolisyon
Pasensya na lang, pasensya na lang
Talagang ganyan, ganyan talaga ang buhay

Pero teka, teka muna, ganito na lang ba
Baka naman dahil na rin sa ating pasensya

Paano na kaya kung ito ay ubos na
Ganito pa rin ba, anobg ating pasya
Walang pa-pasensya, kailangan ng hustisya
Sinimulan nila, pews tapusin na sila
Pasensya na lang, pasensya na lang
Talagang ganyan, lalaban para mabuhay

### Para sa Iyo

(Titik at musika, R. Reyes, 1995)

G D C D
Para sa iyo ang awit na ito
Em D C D
Ikaw na kasama sa lahat ng siphayo
G D
Ikaw na karamay
C D
Sa madilim na daan
Bm C Am D
Kaakbay, nakikibaka sa lansangan

Para sa iyo ang awit na ito
Ikaw na minamahal ko ng buong puso
Ngayon ay malayo doon
Naglilingkod
Tinatanaw ang araw muling
Pagtatagpo

C G D
Nais kong matapos
C G D
Taghoy ng bayang naghihikahos
Em D C D
Kung maaari ay samahan mo ako
E D Am D
Sa awit ng paglaya ng bayan ko

Para sa iyo ang awit na ito (magsasaka)
Nagbubungkal ng lupang
Di naman sa'yo
Aliping pyudal ng iyong Panginoon
Magpunyagi, kasaysaya'y nasa panig mo

Para sa iyo ang awit na ito (manggagawa)
Sa daan taon mong pakikihamok
Magpakatatag ika'y hindi mabibigo
Sa iyong misyong baguhin
Ang buong mundo

Para sa iyo ang awit na ito (kasama ko)
Para sa iyo ang awit na ito (minamahal)
Para sa iyo ang awit na ito (bayan ko)
Nakalaan ang lakas at talino
Tungo sa mithiing pagbabago

### At Nakalimutan ang Bayan

(Hiram na awit mula sa Wuds, 1995)

Am-F-G-Am
Dito ba sa mundo
Ano ang tunay na kailangan?
Ang magpakasarap
O magkamit ng kayamanan?
Anumang kayamanang
Nilikha ng bayan
Ay pilit na inaagaw
Ng mga gahaman

Am- Em
Sobrang kapangyarihan, sobrang kayamanan
Sobrang katakawan
Ilan sa mamamayan ang nagsisigawan
Mga ganid! Mga ganid!

C-G-Am-F
Maraming nagpapanggap
Na makabayan
Gumamit pa ng salitang kalayaan
E, ang demokrasya at kalayaan
Ay nakasalalay sa 'ting kakayahan
Na wasakin at baguhin
Ang bulok na sistema ng lipunan natin
E, ano ba sa tingin mo
Ang magpapasaya sa'yo?
Ito bang karangyaan sa kasalukuyan?

Maraming… *(depende sa konteks ng pagtatanghalan)*
Pero nakalimutan ang bayan

At dito ba sa mundo

Ano ang tunay na kailangan
Ang magpakadalubhasa
O magpasikat ng pangalan?
Ngayong batid mo na
Ang kahirapan ng mamamayan
Saan ka papanig, artista ng bayan?

Sobrang…

Maraming…
…lipunan natin
E ano ba sa tingin mo ang papanigan mo?
Walang…
Kaya't maglingkod sa bayan!

**Kumustahan**
(Titik at musika, E. Acosta )

G-C-G-C

Maulan pa rin dito, tubig kadalasan
Ngunit kung minsan naman ay mga bala
Em D G
Kaya't sa akin ay huwag nang mag-alala

Em D G D G-C
Ikaw naman kaya ay kumusta na?

Maputik pa rin dito
Naaalala ko tuloy
Ang patintero't habulan nating dalawa
Salamat nga pala sa sapatos na pinadala
Ikaw naman kaya ay kumusta na?

Koro
Em-G-D
Iyapos mo na lang ako kina nanay at tatay
Ikamay sa mga kasamang nariyan pa sa'ting hanay
Ihalik mo na lang ako sa liwasa't lansangan
Kumusta na? kumusta na?
Mula rito sa larangan

Malamok pa rin dito
Parang di magtatagal ang mga kulisap ng gabi ay kaibigan ko na
Kaya't sa balat ko'y huwag nang mag-alala
Ikaw naman kaya ay kumusta na?

Malamig pa rin dito
Naaalala ko tuloy ang mga yakap at kulitan nating dalawa
Salamat nga pala sa malong na pinadala
Ikaw naman kaya ay kumusta na?

Ulitin ang koro

Bridge:
(na wala nang nakakaalam ng tono)
A- Am-Bm-B7
Parito't paroon, alaala at ngayon
Dm-Bm
Walang katapusan ang kumustahan
kumustahan

**Alamat**
(Titik at musika, E. Acosta____)

*Chorus*
Em C Em C
Mayroong alamat na kailangan ilahad
Em C Em C
Em C
At nang ating magagap na ito ay alamat lamang
Em C Em C
Mayro'ng kabulaanang dapat nating magagap
Em C Em C
Upang mailahad ang tiyak na kabulaanan

G Em
Bakit ang mahihirap ay naghihirap
C B7
Ang sabi sila raw ay saksakan ng tamad
G Em
At silang mga gutom patuloy na nagugutom
C B7 Em
Kasi likas yaman ay 'di raw sasapat – sa lahat!
C Em C Em
Pawang alamat, pawang kabulaanan

Pagkat ang kahirapan ng masang karamihan
Ay tanda lamang ng pagpapasasa ng ilan
At sa kagutuman ng milyong mamamayan
Nariyang bundat ang milyonaryong katawan---
Kawatan!
Ooh – Ooh

*(ulitin Chorus)*

Ang bayang Pilipinas walang kakupas-kupas
Ang kasarinlan niya'y nakamit na noon pa man
Sagana at payapa gaya ng mga banyagang
Kaibigang tapat umaraw man o umulan
--- saan man!
Pawang alamat, pawang kabulaanan

Pagkat ang kalayaang kanyang pinaglaban
Di pa rin maranasang tunay kahit saan
Walang kasaganahan, walang kapayapaan
Hangga't makapangyarihan ang mga dayuhan
---wakasan
Ang alamat, ang kabulaanan

Em C
Mayro'ng katotohanang dapat nating harapin
Em B7
Mayro'ng kasaysayang ating lilikhain!

Em
Ngayon din!
Ooh…Ooh…

**Kapal-Tigas Mukha (1)**
(Halaw sa orihinal na jingle ni Sid ng UE)

G-Em-C-D-(paulit-ulit)

Mayron akong kilala
Pahirap sa masa
Erap ang pangalan
Gustong-gusto ko syang—

Ilublob sa kanal
At tadyak-tadyakan
Paluin sa puwet
At ibitin ng patiwarik

Erap, kapal tigas mukha, resign na!
Erap, kapal tigas mukha

Resign na!

**Kapal-Tigas Mukha (2)**

Mayron akong kilala
Pahirap sa masa
Erap ang pangalan
Gustong-gusto ko syang—

Ilublob sa kanal
At tadyak-tadyakan
Paluin sa puwet
At ibitin ng patiwarik

Erap, kapal tigas mukha, guilty!
Erap, kapal tigas mukha

**Balik-aralan**
(Orihinal na awitin ng Kapit-bisig, UE)

Balik-aralan ang nakaraan
Matuto sa karanasan
Halina't isulong
karapatan sa edukasyon

*Chorus*
Walang ibang lakas
Walang ibang daan
Pagkakaisa ng kabataan/taong bayan

Kilusan ng kabataan
ay walang lakas
Kung di makikiisa
sa manggagawa at magsasaka

*(Ulitin Chorus)*

Tayo na sa lansangan
Pakikibaka ay tatagan
Sama-sama sa paglaban
“Sagot sa tuition fee increase:
Boykot, boykot, boykot sa klase!”

*(Ulitin Chorus 2x)*

Nang tagumpay ay makamtan

**Bilang na ang Araw**
(Titik at musika, R. Reyes, 1995)

Am
Dumadagundong ang higanteng makina
Bisig at laman nadudurog sa gitna
Yamang nilikha, buhay na sinanla
Sa malayang palitan ng lakas paggawa

Sunog na balat sa akin ay tumambad
Inaalipustang hayop, sa parang ay babad
Daang taong alipin, tali sa lupa
Am-G
Animo’y hindi tao itong magsasaka

C – G - Am G C
Bilang na ang araw ng mga gahaman
Bilang na ang araw ng pang-aalipin
Bilang na ang araw ng pagpapahirap
Am
Bilang na ang araw

Anak halika kumilos nang madali
Tingi-tinging gamit ay ating ipunin
Ibalot ang tela, itali ang kahon
Bukas ng umaga’y araw ng demolisyon

Ulitin ang koro

Am -A

D A E
F#m

Ang kaapihang sukdulan ay di habang panahon

Ang pagkakaisa ay ating papandayin
Bukas na malaya ay ating kakamtin
D A E A
Ang tanikala ng kahapon ating lalagutin

**125**
(hiram na melodiya sa Tatlong 25c)

125 aming panawagan
nang medyo mapabuti ang aming kalagayan
125 ang sigaw ng bayan
mula sa pagawaan hanggang sa lansangan

Kilos na ate,sahod ay taasan
Kung hindi, sige ka ate, mag-aalsa ang bayan

Laban ng manggagawa’y ating suportahan
Silang sa bansa’y lumilikha ng kayamanan
Sahod ng manggagawa’y dapat dagdagan
Pagkat ito ay katarungang panlipunan

125 ay ipaglalaban
nang medyo mapabuti ang aming kabuhayan
125 ang sigaw ng bayan
itaas ang sahod, across the board, nationwide

Kilos na mare, pare, tayo’y manindigan
Sahod, trabaho’t karapatan ating ipaglaban

**Aklasan**

Dm
Nangatigil ang gawain sa bukirin
C Dm
Namahinga ang makina sa pabrika
Dm
Natiwangwang ang daunga’t pamilihan
C Dm
At sa madla ay nagbanta ang dalita
Gm Dm
Nanlupaypay ang puhunan at kalakal
Bb A
Nangasara ang lahat na

Pagkat bakit di kakain ang nagtanim?
Ang naglitson ng malutong patay-gutom
Ang nagbihis sa makisig walang damit
Ang yumari ng salapi'y nanghihingi
Ang gumawa ng dambana'y hampas-lupa
Ang nagbungkal ng yaman nangungutang

Koro:
Dm
Bawat sipag, bawat lakas
C Dm
Ay umaklas
Dm C Dm
Diwang dungo't ulong yuko'y itinayo
Gm Dm A Dm
Ang maliit na ginahis ay nagtindig

Habang ang tao'y parang hayop
Sa pasahod na anaki'y sanglimos
Lalong subsob nangamamatay
Sa paglilingkod at pagpapabusabos
Ang magpa-upa ng pagod
Nanananghod sa pagkaing bulok

Masakim at maramot na namimintog
Sa labis na pagka-busog
Ang di magpawis walang takot
Sa lipunan at sa diyos
May batas na baluktot na sa ila'y taga-kupkop
Ang aklasa'y magsasabog ng poot

Koro
Bridge:
Gm
Aklasa'y walang lagot
A
Unos, apoy kidlat at kulog
Bb F
Mangu-usig, mangha-hamok
A Dm
Na parang talim ng gulok

Koda:
Bawat sipag, bawat lakas ay umaklas

**Kolektib**

Ang pagka-late sa kitaan
Mga sunduan sa tagpuan
Sa pamasahe nagpapatakan
Nagchi-chip in sa tsibugan
Pati yosi parte-parte
Para okey, okey ang lahat

Mga gabing puyatan
Sa pagkutkot ng ideya
Pati lamok nakikibaka
Sumasabay sa'ting agenda
Isang tasang kape
At pag-unawang gising ang mga kasama

Refrain:
Di miminsang nagtalo
Ang isip at damdamin
Paano nga ba malilimutan
Mga bagay na nakasanayan na
Sa mendiola matatanaw kita/ sa rotunda matatanaw kita/sa kanayunan kasa-kasama ka

Pumutok ang kampanya
Agitated ang mga kasama
Sinabayan pa ng kanta
May candle lighting pa
Nag-boykot ang mga estudyante
Pasensya na at ganun lang ang kinaya

Naalala mo pa ba
Ang pagkutkot ng ideya
Pati lamok nakikibaka
Sumasabay sa'ting agenda
Isang tasang kape
At pag-unawa, gising ang mga kasama

Repeat refrain
Mga problemang dumating
Ay huwag sarilinin
Mga suliraning dumating
Ay huwag nilay-nilayin
Kolektib mo kami
Kahit na, kahit na anong mangyari

**Repeat refrain**
Sa kanayunan, tangan ang sandata

## Mag-resign
(Karatula, Janice at Edson, 2000)

Patalsikin ka lang mula sa Malakanyang
Patalsikin ka lang ay medyo ok na
Patalsikin ka lang, lahat ay sasaya
Basta't kasama si Tan
Basta't kasama si Ang

Mag-resign, mag-resign ka na lang

## Mangingibig

Ako'y isang mangingibig
Sapagkat ako'y namumuhi
Sa mga 'di kaibig-ibig
Na sa bawat sandali ay pumapatay
Nananalanta ng buong-buo sa bayan

Ako ay mangingibig
Nagpasyang makidigma
At ngayo'y naglalakbay
Pagkat puso ay 'di na makahintay

Ako'y 'sang mandirigma
Gamay ko ang ritmo ng bala
Alisto ang pandama
Sa tanglaw ng mga tala ay tumatalon
Dumadapa, umiiwas at sumasagupa

Ako ay mangingibig…

Ako'y isang manlalakbay

At sa dulo ng kadawagan
Sa tagpuan ng mga lansangan
Doon ako ay hinihintay ng pamamagingang
Ang tanging ngalan, tanging saysay ay kalayaan

Ako ay mangingibig

## Sa ROTC

Sa ROTC tayo'y namumulubi
Bulsa'y sinasaid ng kayraming bayarin
Sa ROTC, pataasan ng ihi
Dito susukatin ang tunay na lalaki

Bulag na pagsunod sa pinunong nanggagago
Tayo ba'y yuyuko at magsasawalang kibo

Sa mga pamantasan, pahirap sa kabataan
Institusyon ng katiwalian/karahasan
Tayo nang isulong ang ating panawagan
Boykotin, layasan, ROTC ay wakasan

Ito raw ay mahalaga sa pambansang seguridad
Upang pag may gera, tayo'y laging handa
(di pa tapos)

**Sa Tuwing**
(Titik at musika, E. Acosta, )

G – Am – Bm - C
Sa tuwing matatapos
Na naman ang 'sang araw ay
Pinagninilayan ang mga
Oras ng nagdaan
Ang bigat na pinasan sa
Panganib na dumalaw
"kaya pa ba?", yan lagi
Sa sarili'y katanungan

Hindi na, hindi na, hindi na yata
Hindi na niya kaya
Hindi na, hindi na, hindi na yata
Hindi na niya kayang ihinto pa ang laban

Napudpod na ang tuhod sa
Kadadasal sa simbahan
Napuntahan na yata niya
Lahat ng pinuno sa bayan

Paanong mabubuhay
Paanong hirap matatakasan
Meron pa bang maaaring
Mahingan ng kasagutan

Wala na, wala na, wala na yata
Walang nang magawa
Wala na, wala na, wala na yata
Wala nang magawa
Kundi ang lumaban

**Samar Overture**
(para sa dula na *Samar: dalawang sigwa, isang digma*)
*I*
Am Em Am Em
Ito ang Samar, ito ang Samar
F G Am
Ngayon ay labing siyam at isa
F G Am
At dito sa aking tahanan
F G Am
Ang nakahimlay na kapayapaan
F G F G Am
Ay nakaukit sa lapida ng mga namatay

*II*
Ito ang Samar, ito ang Samar
Ngayon ay labing siyam at isa
F G Am
Ngunit hindi ito sementeryo
F G Am
O pahingahan ng mga nagluluksa
F G F G Am
Mga naulilang umaasa na lang sa ulan

*III*
Ito ang Samar, ito ang Samar
Ngayon ay labing siyam at isa
F G Am
May ungol, iyak at sigaw
F G Am
Nalasog na buto ay tumatabing
F G F G
Am
Nabubulok na katawan tinatabunan ng mga palayan

*IV*
F G Am
At sa atin dito sa Samar
F G Am
Dito sa buong kapuluan
F G E Am
Makatarungan ang ating dakilang himagsikan
F G Am F G
Am
Ito ang aking natutunan, (Ito ang aking natutunan)
F G Am
Ito ang ituturo ko sa iyo
F G Am F G
Am
At ito ang ating ibabanyuhay sa buong Samar
F G Am F G Am
Sa buong Samar, sa buong Samar

**Balang Araw**
(Titik at musika, E. Acosta )

```
C                          E
Lupang kababata ng mga punong kahoy
Am                           F          G
Kahoy na kasingtanda na nitong lupa
C                          E
Lupang pinatatahan ng amihang simoy
Am                             F         G
Amihang naluluha sa kwento ng lupa
```

Chorus:

```
C
Ooh….
                 E
Ang lahat ng ito ay
         Am         F
Sa atin na balang araw
C                 E           Am
At kung gayon ay para sa lahat
F
Balang araw
C
Balang araw
F
Balang araw
C                    G
Babala ang bala't balaraw
```

Pagawaang tumutunaw
Sa iba't ibang bakal
Bakal na humuhulma sa mga pagawaan
Pagawaan ng pawis na kinakalakal
Pawis na siyang tutubos
Sa lahat ng pagawaan

Repeat Chorus 2x

**Uring Manggagawa**
(Nonoy, 2006)

Ikaw ang nagpapagod at gumagawa
Ikaw ang walang nakukuha, manggagawa
Ikaw ang nagtatayo ng mga tahanan
Ikaw ang walang masilungan, manggagawa
Ikaw ang nagpapanday at humubog sa lipunan
Pero ikaw ang siyang kawawa, manggagawa
Refrain:
Ikaw ang nagpapawis
Ikaw ang nagdurusa
[sa walong oras na paggawa]
[sa buong araw na paggawa]
Ikaw na manggagawa
Formore:
Ang ating bisig ay pagkaisahin
Ang ating hanay ay pagtibayin
Sahod, trabaho at ang karapatan
Ay ating ipaglaban
Koro:
Bangon! Uring Manggagawa
Sulong! Hukbong Mapagpalaya
Bangon Manggagawa!
Sulong Manggagawa!
Lagutin ang tanikala
Ng pagsasamantala.